

PAYO NG OPISYAL NG PANGKALUSUGAN NG SANTA CLARA COUNTY SA MGA PAMAMARAAN NG PAGBAWAS NG PANGANIB SA COVID-19

MARSO 23, 2021



Noong Marso 23, 2021, inihayag ng Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng California na papasok na ang Santa Clara County sa Orange na Antas ng [Plano ng Estado para sa Mas Ligtas na Ekonomiya](#) epektibo sa Marso 24, 2021. Ang lahat ng mga aktibidad ay napapailalim pa rin sa mga panuntunan ng Estado at sa lokal na Kautusan ng Pagbawas ng Panganib.

Dahil pinapayagan na muling ipagpatuloy ang ilang mga aktibidad, hinihimok ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County ang mga residente na magpatuloy ng maingat. Ang bilang ng mga kaso ng COVID-19, pagpapa-ospital, at pagkamatay ay bumababa, ngunit nananatiling mataas pa rin. Ang mga pagbabakuna ay nangyayari nang mabilis hangga't pinapayagan ng mga supply, ngunit ang karamihan sa mga tao sa ating komunidad ay hindi pa nababakunahan. Ang mga bagong variant ng virus na maaaring mas madaling kumalat o maging sanhi ng mas matinding karamdaman ay nandito sa ating county; gayunpaman, hindi pa alam ang kanilang epekto sa ating lokal na epidemya. **Kahit na pinapayagan ng Estado ang ilang mga aktibidad na magpatuloy o magpatibay ng ilang mga protokol sa COVID, hindi ito nangangahulugan na ligtas ang mga aktibidad na iyon.** Sa katunayan, pinapayagan ng mga kautusan ng pangkalusugan ng Estado ang maraming mga aktibidad na mapanganib, at gagawing mas totoo iyon ng mga paparating na pagbabago ng Estado.

Pangunahing kumakalat sa hangin ang bagong coronavirus. Upang mapanatili na ligtas ang inyong sarili, inyong pamilya, inyong mga kaibigan at kapitbahay, at ang ating mas malawak na komunidad, sundin ang mga pangunahing prinsipyong ito:

1. **Lumabas kayo.** Ang mga panlabas na aktibidad ay mas ligtas kaysa sa mga panloob.
2. **Manatiling nakamaskara.** Ang tuluy-tuloy na paggamit ng mga panakip sa mukha, lalo na ang pagdodoble ng maskara, pareho sa loob at labas ay napaka epektibo sa pagpigil ng pagkalat ng coronavirus.
3. **Panatilihin ang hindi bababa sa 6 na talampakang distansya mula sa iba.** Ang pagdistansya mula sa mga hindi nakatira sa inyo ay epektibo upang mapanatiling malayo ang virus.
4. **Iwasan ang maraming tao.** Ang mas kaunting mga tao na nakakasalamuha at nakakahalubilo ninyo, mas mababa ang pagkakataon na kumalat ang virus.

5. **Magpabakuna kapag pagkakataon niyo na.** Ang lahat ng mga bakunang naaprubahan ng pederal ay gumagana nang maayos at makakatulong na mapanatili kayong ligtas, inyong pamilya, at inyong mga kaibigan.

Bilang paalala, ang [Kautusan ng Pangkalusugan ng Pagbawas ng Panganib](#) ng County ay kinakailangan pa rin ang bawat isa na sundin ang lahat ng mga panuntunan ng Estado, gumamit ng mga panakip sa mukha, at i-maximize ang pagdistansya sa ibang tao; at lahat ng mga entidad ay dapat na magpatuloy na magpatupad ng isang Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao, i-maximize ang telework, at kaagad na iulat ang mga kaso sa Pampublikong Pangkalusugan.

Kung lumala ang mga kundisyon, maaaring kailanganing ipatupad muli ang mga mahigpit na pamamaraang lokal. Malakas na hinihimok ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County ang lahat na mag-ingat at gumamit ng mabuting pagpapasiya sa mga susunod na kritikal na linggo at buwan. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang sccgov.org/cv19.